Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa sumikat ang araw mula sa kanluran nito. Kaya kapag sumikat ito saka nakakita nito ang mga tao, sasampalataya silang lahat

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa sumikat ang araw mula sa kanluran nito. Kaya kapag sumikat ito saka nakakita nito ang mga tao, sasampalataya silang lahat ngunit iyon ay kapag: {hindi magpapakinabang sa isang kaluluwa ang pananampalataya nito [kung] hindi ito dating sumampalataya bago pa niyan o nagkamit ito sa pananampalataya nito ng isang kabutihan.} (Qur'ān 6:158) Talagang sasapit nga ang Huling Sandali habang nakapaglatag na ang dalawang lalaki ng kasuutan nila sa pagitan nilang dalawa ngunit hindi sila makapagbibilihan nito at hindi sila makapagtutupi nito. Talagang sasapit nga ang Huling Sandali habang nakalisan na ang lalaki nang may gatas ng kamelyo niya ngunit hindi siya makatitikim nito. Talagang sasapit nga ang Huling Sandali habang siya ay nagkukumpuni ng tubigan niya ngunit hindi siya makapagpapainom dito. Talagang sasapit nga ang Huling Sandali habang nag-angat na ang isa sa inyo ng pagkain niya tungo sa bibig niya ngunit hindi siya makatitikim nito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa mga palatandaan ng Malaking Huling Sandali na sumikat ang araw sa kanluran sa halip na sa silangan. Kapag nakikita na iyon ng mga tao, sasampalataya silang lahat. Sa sandaling iyon, hindi magpapakinabang sa tagatangging sumampalataya ang pagsampalataya niya at hindi magpapakinabang ang maayos na gawa ni ang pagbabalik-loob. Pagkatapos nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Huling Sandali ay darating nang biglaan, hanggang sa tunay na ito ay sasapit habang ang mga tao ay nasa mga kalagayan nila at mga pumapatungkol sa buhay nila. Sasapit ang Huling Sandali habang ang tagapagbenta at ang mamimili ay nakapaglatag na ng kasuutan nilang dalawa sa pagitan nilang dalawa ngunit hindi sila makapagbibilihan nito at hindi sila makapagtutupi nito. Sasapit ang Huling Sandali habang ang lalaki ay nakakuha na ng gatas ng gatasang inahing kamelyo niya ngunit hindi siya makaiinom nito. Sasapit ang Huling Sandali habang ang lalaki ay nagkukumpuni ng tubigan niya at nagtatapal dito ngunit hindi siya makapagpapainom dito. Sasapit nga ang Huling Sandali habang ang lalaki ay nag-angat na ng subo niya sa bibig niya ngunit hindi siya makakakain nito.